**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OFFICE**
**PRESIDENTIAL NEWS DESK**

**TALUMPATI NI PANGULONG FERDINAND R. MARCOS JR.**
**SA PAMAMAHAGI NG BIGAS AT IBA PANG MGA TULONG**
**MULA SA GOBYERNO SA CAPIZ**

[Ipinahayag sa Roxas City, Capiz | 6 Oktubre 2023]

Maraming salamat kay Secretary Rex Gatchalian sa iyong pagpakilala.

Atin batiin ang ating ama ng probinsya ng Capiz, ang ating matagal ng kaibigan. Ngayon ay naninibago ako tawagin kang Governor, Governor Fred Castro.

Magkasama po kami sa Kongreso. Ako'y pasok, labas. Siya naman ay tumagal sa Kongreso. *[Gov, Fred na-miss ko na 'yung ganyang klaseng salita.]*

Matagal ko nang hindi narinig 'yung mga oratory ng inyong governor. Kaya naman sumikat siya sa House at ngayon sumisikat siya dito sa Capiz dahil nakita naman ninyo kung makapagsalita ay talagang nakaka-inspire. Tayong lahat ay na-inspire sa kanyang talumpati. *[applause];* ang Alkalde ng Lungsod ng Roxas Ronnie Dadivas, maraming salamat sa inyong magandang pagkasalubong *[applause];* ang ating matagal na kaibigan, anak ng Capiz, nandito rin po si --- ang dating senador and secretary, lahat na yata nahawakan mo. *[applause]* Mar Roxas nandito po.

Baka hindi niyo po alam, alam niyo po, kami ni Mar matagal na po kaming magkaibigan at kahit na hindi kami magkapanig kung minsan sa politika, matagal kaming nagsama sa New York at sana naman habang nandito siya, hindi na niya kinekuwento 'yung mga nangyari sa amin noong nasa New York kami dahil bachelor pa po kami at marami kaming mga adventure nang magkasama.

Kaya po nakakatuwa. Matagal ko na po siyang hindi nakausap at mabuti naman nagkaroon ng pagkakataon. Nag-usap kami dito pa sa Capiz.

Ang mga benepisyaryo natin, ang pinakamahalaga na grupo na nandito ngayong araw na ito, mga benepisyaryo *[applause]* ng mga 4Ps na bibigyan natin, at ibibigay natin itong mga ating nakuhang bigas; mga kasama na lingkod bayan; mga minamahal kong kababayan, magandang umaga po sa inyong lahat. *[applause]*

Noong nakaraang buwan lang po ay naghatid ng tulong ang DSWD at DTI sa ating mga *rice retailer* dito sa inyong probinsya upang matulungan sila sa kanilang mga negosyo.

Dumayo po ulit kami dito ngayon upang personal na maghatid ng libreng bigas sa mga minamahal nating Capiznon upang makabawas sa inyong alalahahin sa pagkain.

Muli na naman po kaming nagsasanib-puwersa—kasama po ang iba’t-ibang ahensya ng pamahalaan tulad ng DA, DSWD, DOLE, DOH, TESDA, CHED, Philippine Coconut Authority, Philippine Crop Insurance Corporation, [at] Agricultural Training Institute—upang muling ilapit sa inyo ang kanilang mga serbisyo. Nawa’y masulit po ninyo ang pagtitipong ito sapagkat ito po ay para talaga sa inyo.

Ngayong 2023, mahigit sampung libong benepisyaryo mula sa inyong lalawigan ang nakatakdang makatanggap ng tulong pinansiyal sa ilalim ng Rice Farmers Financial Assistance Program o ‘yung RFFA.

Dagdag po rito, marami rin pong mga maliliit na mga magsasaka na matutulungan ng Rice Competitive Enhancement Fund or ‘yung tinatawag na RCEF sa pamamagitan ng mga makinarya, mga punla, mga pagsasanay at seminar, at pagpapahiram ng puhunan para sa kanila.

Dahil dito, inaatasan ko ang DA at ang Department of Finance na pabilisin ang pagmamahagi ng mga benepisyong ito.

Umpisa pa lang po ito sa mga hakbangin ng gobyerno upang mapaunlad ang buhay ng mga Pilipino— mula sa pagpapalakas ng agrikultura ng bansa at sa pagpapalawig ng mga benepisyong handog ng iba pang mga sektor.

Masaya po ako na makitang maraming natutulungan ang ating mga proyekto. Ibig sabihin lamang po nito ay tama ang tinutungo ng ating direksyon para sa pamumuno.

Ang hiling ko lamang po ay lalo ninyong pag-ibayuhin ang inyong sipag at tiyaga upang sa gayon ay mapabuti ninyo ang inyong buhay, at makatulong sa ibang mga Pilipinong kailangan din ng kaagapay.

Higit sa lahat, maki-lahok sa pagbabantay sa ating lipunan! Marami pa rin pong tayong [malayang nakapanloloko] ng kapwa. Tunay pong nakakagalit ang mga *smuggler* at *hoarder* na iyan!

Nasisira ang daloy ng merkado kaya tumataas ang presyo ng mga pangunahing bilihin dahil sa kanilang mga ilegal na gawain.

Kaya naman, nakikipag-ugnayan din tayo sa Kongreso na maamyendahan ang ilang batas upang tuluyan nang maging krimen ang *agricultural economic sabotage* at mapabigat ang parusa dito.

Mga kababayan, gaano man kalaki ang kanilang sindikato—tulad ng natimbog natin na smuggler sa pier ng Zamboanga noong buwan ng Agosto—wala pong [binatbat] iyan sa nagkakaisa nating lakas.

Kaya kung may nalalaman po kayong sangkot sa mga ganitong transakyon, huwag po kayong matakot na magsuplong.

Tandaan po ninyo: Kasabay ng pagsulong ng Bagong Pilipinas ay ang pagkakaroon ng panatag, masagana, at matatag na buhay! Angkinin po natin ito!

Maraming salamat sa inyong lahat at kayo ay maging kasama natin sa pagpapaunlad at pagpapaganda sa buhay ng bawat ng Pilipino.

Ito po ay ang ating ginagawa. Pagpatuloy na makapagbigay ng tulong sa lahat ng ating nalalaman na nangangailangan. Kaya po huwag po kayong  nagdadalawang-isip na magsabi kung kayo po ay nasa alanganin, kung kayo po ay nangangailangan, at ang pamahalaan ay gagawin ang lahat upang kayo ay bigyan ng tulong.

Maraming salamat po. Mabuhay ang buong lalawigan ng Capiz. Magandang umaga po sa inyong lahat. *[applause]*

**--- END ---**